



U.S. Department of Justice [Kagawaran ng Katarungan] Community Relations Service [Paglilingkod para sa Ugnayan sa Komunidad]

Nagsasagawa katulong ng mga Komunidad na Alaska Native upang Tukuyin ang Pagtatalo at Pagkabahala

Kapag nagkakaroon ng mga salungatan o pagkabahala sa mga American Indian o Alaska Native at mga paligid na komunidad, nakikipagtulungan ang U.S Department of Justice Community Relations Service [Paglilingkod para sa Ugnayan sa Komunidad](CRS) sa mga at pinagsasama-sama ang mga magkaiiba-ibang panig – kabilang ang mga namumunong pederal, estado, at lokal, namumuno ng tribe, tagapagtupad ng batas, grupong nagtataguyod ng karapatang siil, at iba pa – upang padaliin ang nagkakaisang pag-iintindi at palakasin ang ugnayan. Tinutulungan din ng CRS ang mga panig na kilalanin ang mga saligang usapin upang magbuo ng mga kalutasan na magkaayon na nakakalugod at magtayo ng lokal na kakayahang pigilin at lutasin ang mga pagtatalo sa hinaharap.

▼ Sa ilalim ng Title X ng Civil Rights Act [batas ng mga karapatang civil] ng 1964 at pinalawak ng Matthew Shepard and James Byrd, Jr., Hate Crimes Prevention Act [Batas Pangpigil ng mga Krimen ng asuklaman] ng 2009, tumutugon ang CRS sa mga pagtatalo sa komunidad na nagmula sa mga pakakaiba ng lahi, kulay, pinanggalingang bansa, kasarian, kinikilalang kasarian, pagkiling sa kasarian, pananampalataya, at kapansanan. Walang kapangyarihan ang CRS pampagpatupad ng batas o pampag-uusig. Sa halip, nagsasagawa ang CRS sa mga komunidad na tumulong na muling buuin ang mga kaugnayan, pinapadali ang magkaayong pag-uunawa, at hinihimok ang pag-unlad ng mga lokal na kalutasan.



Nagkakaloob ang CRS ng apat na tanging serbisyo sa mga komunidad ▼

Pinadaling Pag-uusap: Pinadadali ng CRS ang pag-uusap sa pagitan ng mga may-kapakanan sa komunidad upang masimulan ang mga paraan ng pakikipag-usap sa pagitan ng mga panig. Kabilang sa mga madalas na tinutukoy na paksa ang nasasabing pagtatangi-tangi, mga kaugnayan ng pulisya sa komunidad, krimen ng kasuklaman at pangyayaring kasuklaman, pagtatalo sa tribu, pagtutol, demonstrasyon, at ibang usapin na mahalaga sa mga kasapi sa komunidad.

Mediation: Nagkakaloob ang CRS ng mga paglilingkod pangmamagitan upang tulungan ang mga komunidad na lutasin ang mga pagtatalo at pagkabahala sa pamamagitan ng harapang pakikipag-ayusan sa pagitan ng mga may-kapakanan. Ang layunin ng pagmamagitan ay magbuo ng mga kasunduan sa pagitan ng mga kasapi sa komunidad na nagdadagdag sa pagtiwala, pinabubuti ang mga bakasan sa komunidad, at nagtatayo ng lokal na kakayahang upang pigilin at tumugon sa mga pagtatalo sa hinaharap.

Pagsasanay: Pinagsasama-sama ng mga programa na pagsasanay ng CRS ang mga kinatawan mula sa mga ahensiya ng estado at lokal na pamahalaan, samahang batay sa pananampalataya, tagapagtupad ng batas, at ibang grupo upang magbuo ng magkakasamang pag-iintindi at kilalanin ang mga paraan na pagtutulong upang bawasan ang mga pagtatalo sa komunidad.

Paga sangguni: Nag-aalay ang CRS ng paglilingkod na pagsangguni upang tulungan ang mga komunidad na tumugon nang may-bisa sa mga pagtatalo. Kabilang sa mga paglilingkod na ito ang pagtulong na teknikal sa pagbuo ng mga lupon ng pag-uugnayan ng tao, pinakamahusay na gawi upang makasangkot ang magkakaiba-ibang komunidad, at magturo sa mga usapin ng pakikitungo, kalutasan ng mga salungatan, at sama-samang paglutas ng problema.

Tumutulong sa maraming paraan ang CRS sa mga komunidad ng tribu, kabilang ang:

- ▶ Pagmamagitan ng mga salungatan tungkol sa mga paggamit ng mga lupain ng tribu, kabilang ang mga panghihimasok sa kapaligiran o pagtatayo sa o paligid sa mga lugar na katutubong sagrado
- ▶ Pinadadali ang pag-uusap sa pagitan ng mga namumuno sa tribu at mga lokal na tagapagtupad ng batas upang tukuyin ang mga napapansing pagtutukoy ng isang lahi] o ng krimen ng kasuklaman
- ▶ Sinsanay ng mga tagapagtatag ng demonstrasyon kung papaano manukala nang ligtas nga pangyayaring pangmadla
- ▶ Pinadadali ang usapan sa pagitan ng mga namumuno sa tribu at mga ahensiya na pederal at estado upang pabutihin ang pakikipag-usap at paglilingkod sa Indian Country

Ukol sa CRS ▼


Tinatag ng Title X ng Civil Rights Act [Batas ng mga Karapatang Civil] ng 1964 at pinalawak ng Matthew Shepard and James Byrd, Jr., Hate Crimes Prevention Act [Batas Pampigil ng mga Krimen ng Kasuklaman] ng 2009, naglilingkod ang CRS bilang “Tagapamayapa ng America” para sa mga komunidad na may hinaharap na pagkabahala o pagtatalo batay sa mga pagkakaiba ng lahi, kulay, pinanggalingang bansa, kasarian, kinikilalang kasarian, pagkiling sa kasarian, pananampalataya, at kapansanan. Naghahangad ang mga paglingkod ng CRS na dagdagan ang kakayahan ng mga lokal na komunidad, nang nagsasarili at nagtutulugan, na pigilin at lutasin ang mga pagtatalo sa hiniharap sa pamamagitan ng paggamit ng panlutat ng problema, nadagdagan na kaalaman, at napahusay na pakikipag-usap.

Mga Paglingkod at Programa ng CRS ▼

Nagkakaloob ang CRS ng hanay ng mga programa sa mga komunidad, na nakakaranas ng pagkabahala, na nagpapalago ng pagkaintindihan, pinahuhusay ang pagtutulungan, at magpipigil ng mga pagtatalo sa hinaharap. Ang tauhan ng CRS ay mga propesyonal na tagapamagitna, tagapagpadali, tagasanay, at tagasangguni na may-karanasan sa pagtipon ng mga kasapi sa komunidad para magtulung-tulong upang dagdagan ang kanilang kakayahang lutasin ang mga kasalukuyang pagtatalo at pigilin ang pagtatalo sa hinaharap.

Saan Kami Nagsasagawa ▼

- New England Region [pook]
- Northeastern Region
- Mid-Atlantic Region
- Southeastern Region
- Midwestern Region
- Southwestern Region
- Central Region
- Rocky Mountain Region
- Western Region
- Northwestern Region
- Mga Sangay Panglarangan
- Mga Sangay Pampook
- Mga Punong Tanggapan ng CRS




Hanapin kami, maki-ugnay sa amin ▼

www.justice.gov/crs www.justice.gov/hatecrimes

 [facebook.com/DOJCRS](https://www.facebook.com/DOJCRS)

 @DOJ_CRIS

 askcrs@usdoj.gov

 202.305.2935

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa programa na ito o iba pang mga paglingkod ng CRS, maaring maki-ugnay sa CRS:

<https://www.justice.gov/crs/about-crs/regional-and-field-offices>